# Ano ang Mangyayari sa mga Buhay at sa mga Patay sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo?

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Basahin ang 1 Tesalonica 4:13–18, at alamin kung ano ang mangyayari sa mabubuti kapag muling pumarito si Jesus. Tandaan ang pagkakaiba ng mangyayari sa mga namatay na at sa mga nabubuhay pa rin sa Ikalawang Pagparito. (Ang salitang "natutulog" sa mga talatang ito ay tumutukoy sa mga patay.)

- Ano ang mahalaga para sa iyo sa mga talatang ito?

Pagkatapos, basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:96–98, at alamin pa ang tungkol sa mga pangyayaring ito. (Maaari mo ring basahin ang mga talata 99–101 upang malaman kung ano ang mangyayari sa mga taong hindi tinanggap si Jesucristo sa buhay na ito.)

- Ano pa ang mga nalaman mo?

Ang isang katotohanan na maaaring natukoy mo ay **ang matatapat na Banal na namatay bago ang Ikalawang Pagparito ay mabubuhay na mag-uli kapag muling pumarito si Cristo**.

Ang katagang "aagawin" (1 Tesalonica 4:17) ay tumutukoy sa mabubuti na magsasama-sama upang salubungin ang Tagapagligtas sa Kanyang pagparito. Maraming Kristiyano ang gumagamit ng mga salitang *matinding kagalakan* (mula sa salitang Latin na ang ibig sabihin ay "inagaw") kapag tinutukoy ang panahong ito.

Ibinahagi ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga sumusunod tungkol sa sagradong kaganapang ito:



> Walang nagpapasigla sa hangarin kong mas banggitin si Cristo kaysa sa isaisip ang Kanyang pagbabalik. Bagama't hindi natin alam kung kailan Siya paparito, magiging kamangha-mangha ang mga kaganapan ng Kanyang pagbabalik! Darating Siya sa mga ulap ng langit na may kamahalan at kaluwalhatian kasama ang lahat ng Kanyang banal na mga anghel. Hindi lamang ilang anghel kundi lahat ng Kanyang banal na mga anghel. Hindi ito ang mga querubin na mamula-mula ang pisngi na ipininta ni Raphael, na matatagpuan sa ating mga Valentine card. Ito ang mga anghel ng maraming siglo, mga anghel na isinugo upang isara ang bibig ng mga leon, buksan ang pintuan ng mga bilangguan, ibalita ang pinakahihintay na Kanyang pagsilang, aliwin Siya sa Getsemani, bigyang-katiyakan ang Kanyang mga disipulo sa Kanyang Pag-akyat sa Langit, at buksan ang maluwalhating Pagpapanumbalik ng ebanghelyo.
>
> Naiisip ba ninyong umakyat [sa langit] upang salubungin Siya, sa buhay na ito o sa kabilang buhay? Iyan ang pangako Niya sa mga matwid. Magiging malaking impluwensya ang karanasang ito sa ating kaluluwa magpakailanman. (Neil L. Andersen, "Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo," *Liahona*, Nob. 2020, 91)

Maglaan ng kaunting oras na isipin kung ano kaya ang pakiramdam ng mapabilang sa mabubuti sa pagparito ng Tagapagligtas.

- Ano ang maiisip o madarama mo sa araw na iyon? Ano ang pakiramdam na alam mong nais ng Tagapagligtas na sumama ka sa Kanya sa Kanyang pagdating? Paano nakaiimpluwensya sa iyo ngayon ang pag-iisip sa araw na iyon sa hinaharap?

Sa 1 Tesalonica 4:18, hinikayat ni Pablo ang mga Banal na "mag-aliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito."

- Paano ka napapanatag ng mga turo ni Pablo? Paano makapagbibigay ang mga ito ng kapanatagan sa kakaharapin mong mga sitwasyon sa hinaharap?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *What Will Happen to the Living and the Dead at the Second Coming of Jesus Christ?*. Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.